THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 SK CUP 23 & UNDER INTER-BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT 2023, NAGSIMULA NA!

VOLUME 2 No. 28 May 22, 2023 - May 28, 2023

# TATLONG BAYAN AT LUNGSOD SA ORIENTAL MINDORO, MAAARI NANG PANGISDAAN!



TATLO PANG BAYAN AT LUNGSOD sa lalawigan ng Oriental Mindoro ang napadagdag sa maaari nang pangisdaan noong Mayo 28, ang Calapan City, Gloria, at Bansud.

Ito ang hatid na balita ni Gobernador Bonz Dolor kasama si Calapan City Mayor Marilou Morillo at department heads sa ipinatawag niyang media briefing sa Kapitolyo kahapon batay na rin sa pinakahuling resulta ng fish at water testing na isinagawa ng Bureau of Fish and Aquatic Resources (BFAR) at sinumite sa tanggapan ng Punong Lalawigan.

Samantala, nananatili pa ring ipinapayo na hindi pa pwedeng pangisdaan ang karagatan ng mga bayan ng Naujan, Pola at Pinamalayan na nasa 15 kilometer radius mula sa ground zero ng pinaglubugan ng Mt. Princess Empress.

Sa mga nabanggit na ligtas nang bayan, maaari na rin ang water activities na kalimitang nagiging tampok sa turismo sa mga baybaying dagat .

Malugod din niyang ibinalita na paparating na ang Dynamic Support Vessel (DSV) Fire Opal na nagmula pa sa bansang Singapore. Dumaong na ito sa Subic Bay Freeport Zone at dumating na sa Batangas port noong Mayo 29 upang tumuloy naman sa ground zero site na pinangyarihan ng paglubog ng Mt. Princess Empress tanker upang isagawa rito ang pagsipsip ng natitira pang langis sa lumubog na tanker na tinatayang tatagal ng 20 hanggang 30 araw.

Sa Insurance Claims Caravan, sinabi ng gobernador na tuluy-tuloy pa rin ito at nasa anim na bayan na ang naaabot nito. Kasunod na nito ang isasagawang beripikasyon ng tanggapan ng Department of Social Welfare and Development Office sa mga nakasulat sa aplikasyon ng mga nag-apply dito. Sa pinakahuling pakikipag-usap ni Gobernador Bonz sa insurance company, sinabi nitong hiniling niya na mabigyan na ang kanyang mga kababayang nag-apply sa compensation claim ng interim payment o kahit bahagi ng halagang nararapat na ma-claim ng mga ito.

Ang pinag-uusapan na lang, aniya, ay kung paanong pamamaraan ibibigay ito sa mga nag-apply kung saan mauuna ang mga aplikanteng naninirahan sa mga bayang lifted na ang fishing ban. Sinabi ng Gobernador na ito na ang nalalaman niyang pinakamabilis na pag-usad ng insurance claim ng mga naapektuhang mamamayan ng oil spill na walang pang 100 araw simula nang mangyari ang paglubog ng tanker kumpara sa ibang lugar na nagkaroon ng parehas na insidente.

Samantala, nilinaw ni Gobernador Bonz na tanging insurance company pa lamang ang kanyang kausap at wala pang ugnayang nagaganap sa pagitan ng Pamahalaang Panlalawigan at ng may-ari mismo ng MT Princess Empress. Ganunpaman, natutuwa sya, aniya, sa nagiging mabilis na pag-usad ng kompensasyon na kinakailangan ng kanyang mga naapektuhang kababayan kaya ganun na lamang ang pasasalamat niya sa mabilis na pagtugon sa kanyang paghingi ng tulong sa mga opisyal mula sa pamahalaang nasyunal lalo na sa Pangulo ng bansa mula nang mangyari ang insidente.

Sa mga naapektuhang mangingisda na may bangka, naka-download na aniya ang pondo ng ayuda ng pamahalaan para sa krudo at maging sa mga walang bangka subalit ang hanapbuhay ay may kaugnayan sa pangingisda, sinabi ng Punong Lalawigan na nakatakda rin silang makatanggap ng emergency cash transfer sa mga susunod na linggo . Makatatanggap ang mga ito ng naturang ayuda kada linggo sa loob ng isang buwan.

Samantala, sa may kabuuang 10 bayan at isang lungsod na lifted na ang fishing ban, patuloy pa ring ipinapayo ng Provincial Health Office sa pamumuno ni Dra. Cielo Ante na lutuing mabuti ang mahuhuling isda at suriin ang mga bahagi nito bago kainin. Hindi pa rin ipinapayong manguha ng mga shellfish o mga lamang-dagat na walang buto.

Umaasa naman ang Punong Lalawigan na sa patuloy na pagsasama-sama at pagtutulungan ng mga ahensya, magpapatuloy ang mabilis na pag-usad at pagbangon ng kanyang mga kababayan upang muling makapagsimula ang mga ito ng normal na pamumuhay. (PIO Calapan)

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Inihahanda na ang Oriental Mindoro partikular ang Calapan City na mapasama sa malapit na hinaharap sa Digital Cities na mayroon na ang bansa.

Sa mensahe ni Provincial Administrator Hubbert Christopher Dolor, kinatawan ni Gobernador Bonz Dolor, sa ginanap na Enhanced Institutional Development Workshop noong Mayo 24, buo ang suporta ng Pamahalaang Panlalawigan sa Information Communication Technology (ICT) Council sa lalawigan.

Katunayan aniya, matatapos na ang gusaling ipinagagawa ng Pamahalaang Panlalawigan para sa IT Park na magagamit ng naturang konseho.


Sa naturang workshop na dinaluhan ng mga puno at kinatawan ng iba't ibang magkakaugnay na ahensya ng Pamahalaang Lokal at Nasyunal gayundin ng Kagawaran ng Edukasyon at mga kinatawan ng business sector, nagtala ang mga kalahok ng mga datos na nabibilang sa SWOT Analysis na magiging batayan sa pagbuo ng local ICT roadmap.

Inaasahan naman sa malapit na panahon, mapapasama at madadagdag na ang Oriental Mindoro sa kasalukuyang 14 na Digital Cities na mayroon ngayon sa bansa kung saan tanging Puerto Princesa pa lamang ang nakabilang mula sa rehiyong MIMAROPA. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# SK CUP 23 & UNDER INTER-BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT 2023, NAGSIMULA NA!

BALIK SIGLA, BALIK SAYA ang mga kabataang Calapeño dahil sa mga programa at proyektong inilulunsad ng Pamahalaang Lungsod para sa kanila, gaya ng kabubukas pa lamang na SK Cup 23 & Under Inter-Barangay Basketball Tournament, isinagawa sa Sentrong Pangkabataan Barangay Sapul Calapan City, Mayo 20, 2023.

Ang nasabing torneyo ay nilahukan ng mga kabataang manlalaro na ang edad ay nasa 23 pababa na mula sa 41 barangay sa Lungsod ng Calapan na hinati sa walong grupo;

Bracket A: Wawa, Suqui, Sto.Niño, Managpi, Balite. Bracket B: Palhi, San Rafael, Mahal na Pangalan, Ilaya, SAPUL. Bracket C: Lalud, Pachoca, Tawagan, Parang, Puting Tubig. Bracket D: San Antonio, Bucayao, Comunal, Biga, Canubing II. Bracket E: Lumangbayan, Malad, Masipit, Calero, Batino. Bracket F: Canubing I, Bondoc, Sta. Isabel, Tawiran, Sta. Maria Village. Bracket G: Guinobatan, Tibag, Bayanan II, Gulod, Balinggayan. Bracket H: Baruyan, Maidlang, Silonay, Bulusan, Camilmil, Ibaba West.

Ang basketball tournament na ito ay proyekto ng SK Federtion of Calapan City sa pamumuno ni SK Federation President Hon. Noel C. Cirujano sa pakikipagtuwang ng City Youth and Sports Development Department sa pangunguna ni Mr. Marvin Panahon.

Ang City Government of Calapan sa pamamagitan ni City Mayor Malou Flores-Morillo, Sangguniang Panglungsod sa pangunguna ni City Vice Mayor Bim Ingnacio at maging sina 1st District Representative Arnan C. Panaligan at maging ang Provincial Government of Oriental Mindoro sa pangunguna nina Governor Bonz Dolor at Vice Governor Ejay Falcon ay sumusuporta rin sa proyektong ito.

Sa presentasyon pa lamang ng bawat koponan ay dumadagundong ang malakas na hiyawan sa loob ng Sentrong Pangkabataan lalo na nang magsimulang rumampa ang mga naggagandahang dilag para sa 'Search for Best Muse' at 'Best in Uniform' na kung saan ay tumayong mga hurado para dito sina Miss Oriental Mindoro Mariah Karryl Latorza, Mr. Allen Balaibo at City Councilor Hon. Rius Anthony Agua.

Sa mensahe ni Mayor Malou ay kanyang sinabi na ganitong uri ng proyekto para sa mga kabataan ay naglalayon na magbigay ng magandang oportunidad sa kanila na ma-develop ang talento sa sports na maaaring maging daan sa maganda nilang hinaharap. Sa pamamagitan din aniya nito ay nabubuo ang mabuting pakikitungo sa kapwa at pagkakaibigan sa pagitan ng bawat manlalaro. Kanya ring pinasalamatan ang mga personalidad na nasa likod matagumpay na paligsahan na laan para sa kabataan.

Ginampanan naman ni CYSD Officer Mr. Marvin Panahon ang mechanics ng palaro gayundin ang mga papremyong naghihintay para sa mga magwawaging koponan at indibidwal na manlalaro.

Lalong ikinatuwa ng mga manlalaro ang anunsyo ni Governor Bonz Dolor na kanyang tatapatan ng karagdagang papremyo ang bawat cash incentives na makukuha ng mga mananalo.

Para sa Best Muse ay makakatanggap ng P6,000; Best in Uniform - P6,000; MVP - P8,000; Mythical Five - P2,000 each; at P3,000 consolation/each for non-winning teams. Para sa mananalo ng 3rd Place - P10,000; 2nd Place - P20,000; 1st Place -P40,000; at Champion - P60,000.

Matapos ang pagsusuri ng mga hurado, sa grand opening ng SK Cup 23 & Under Basketball Tournament 2023 ay tinanghal na 'Best Muse' ang kandidata ng Barangay Ilaya at sila rin ang nakasungkit ng 'Best in Uniform' (Junard Acapulco/ CIO)






# AYTIN: ATLETANG CALAPEÑA, KINILALA SA LARANGAN NG MULTISPORT

BINIGYANG PAGKILALA si Naomi Felicity Perez Aytin ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan — sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, sa kaniyang pag-uuwi ng mga karangalan sa Lungsod ng Calapan bilang isang kabataang atleta, ika-22 ng Mayo.

Nito nga lamang Abril 22-23 ay nagwagi siya bilang 2nd Place sa Mixed Team Relay at nasa ika-6 na puwesto naman siya sa Subic Bay International Triathlon (SuBIT) 2023.

Tunay na maipagmamalaki si Naomi dahil sa kaniyang ipinapamalas ng galing sa iba't ibang national at international competitions: January 29, 2023, 1st Place - National Age Group Triathlon, Subic Bay, Zambales. March 19, 2023, 4th Place - National Aquathlon Open Vermosa, Cavite. December 5, 2022, 6th Place - National Duathlon Championships 2022, New Clark City. December 12, 2021, 1st Place - Duathlon Final Leg, Lipa City. December 4, 2021 2nd Place - Batangas Duathlon Race, Batangas Racing Circuit. October 24, 2021, Overall Champion - Duathlon Race, Lipa City. March 8, 2020, 1st Place - Aquathlon 1, Vermosa, Cavite.

Bata pa lamang si Naomi nang siya ay namulat sa larangan ng sports hanggang sa naging tuluy-tuloy niya ang pagsabak sa mga multisport marathon at naging kinatawan ng lungsod.

Kaya naman mensahe ni Mayor Morillo, bilang isang nagkakaisang lungsod, ating suportahan ang mga katulad ni Naomi, ang mga atletang Calapeño, sa kanilang mga laban dahil sila ang karangalan ng Lungsod ng Calapan (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 28 May 22, 2023 - May 28, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *SANTACRUZAN NINA LOLO AT LOLA 2023*

MULING BINUHAY ng mga Senior Citizens na kasapi ng United Senior Citizens Association of Calapan City Oriental Mindoro, Inc. Ang diwa ng tradisyong Santacruzan nang kanilang gampanan ang pagsasabuhay nito noong Mayo 20.

Sinimulan sa prusisyon na nagmula sa Sto. Niño Cathedral patungo sa Provincial Capitol ay ipinarada ang imahe ni Birhen Maria na sinusundan ng Sagalaas habang suot ang kanilang makaluma subalit magarbong kasuotan na kumakatawan sa mga personaheng pang-Santacruzan.

Kabilang sa mga Sagala dito ay ang mga sumusunod: Matusalem, Reina Bonderada, Reina Mora, Reina Fe, Reina Esperanza, Reina Caridad, Reina Abogada, Reina Sentenciada, Reina Justicia, Reina Judith, Reina Sheba, Reina Esther, Samaritana, Veronica, Tres Marias, Marian, Divina Pastor, Reina delos Estrellas, Reina Rosa Mystica, Reina Dela Paz, Reina delas Profetas, Reina delas Virgenes, Reina del Cielo, Reina Flores, Reina Emperatriz, Reina Elena, at Constantino Hermana Mayor.

Sa Bulwagang Panlalawigan, Provincial Capitol Complex ay isinagawa naman ang kabuuan ng programa ng Santacruzan. Dito ay nagkaroon ng Flower Offering para sa Poong Maria na ginampanan ng mga Senior Citizens Association Presidents na sinundan ng Presentatioin of Sagalas at pagsasayaw ng Mirasol.

Ipinamalas naman ng USCACOM Dancers ang kanilang talento sa pagsasayaw sa isang production number gayundin ng iba pang grupo ng Senior Citizens mula sa Bayanan I at Camilmil para sa kanilang intermission numbers.

Dahil malapit sa kanyang puso ang mga kapwa niya Senior Citizens ay dumalo dito si City Mayor Malou Flores-Morillo upang ipakita ang kanyang buong pagsuporta sa mga adhikain ng mga Pangunahing Mamamayan sa Lungsod ng Calapan.

Sa kanyang mensahe ay pinuri ng Punonglungsod ang kasigasigan ng mga Senior Citizens sa pagsasagawa ng mga proyektong higit pang magpapaunlad sa kanilang samahan. Dahil dito aniya'y naipapakita na hindi hadlang ang edad upang maging masaya sa buhay at manatiling kapakipakinabang sa ating lipunan. Nangako si Mayor Malou na palaging siyang nasa likod ng mga Senior Citizens upang suportahan sila sa lahat ng kanilang naisin para sa kagalingan ng lahat ng Senior Citizens sa Calapan dahil bilang Ina ng Lungsod ay patas ang kanyang pagtrato sa lahat ng Calapeño.

Ang Santacruzan ay itinuturing na isa sa pinakakilalang religious festivities sa Kultura ng mga Pilipino at pinakatanyag na tradisyon noon hanggang ngayon. Ang prusisyon ay sagrado at napupuno ng mga lumalakad na mga tao habang nagdarasal.

Ang nasabing tradisyon ay isa sa mga nagbibigay kulay tuwing sasapit ang Buwan ng Mayo. Ang esensya ng Tradisyon ng Santacruzan ay bilang debosyon kay Maria na tinawag rin 'Flores de Maria' na ang ibig sabihin ay pag-aalay ng bulaklak kay Maria bilang bahagi ng pagninilay at pagbibigay-pugay sa kanya (Junard Acapulco/ CIO).

